Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-14 NG PEBRERO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. GILBERT T. GATCHALIAN | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NOEL G. PINEDA | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. ALMA A. GATCHALIAN | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. YOLANDA B. AZADA | " |
| KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. BERNARDO B. OPLE, JR. | Kasangguni |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 12-2019

ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAGBATI AT PAGKILALA ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN AT NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD KAY G. DANIELLE ANTHONY S. BARREDO PARA SA KARANGALANG KANIYANG NAKAMIT NANG SIYA AY KILALANIN BILANG GINOONG BULACAN KABATAAN 2018 SA KATATAPOS NA GINOO AT BINIBINING BULACAN 2018.

AKDA NG: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS
ITINAGUYOD NI: KGG. ENRICO C. CAPULE

SAPAGKAT, noong ika-3 ng Enero, taong kasalukuyan ay binigyan ng karangalan ang ating mahal na Lungsod ni G. Danielle Anthony S. Barredo, para sa karangalang kaniyang nakamit nang siya ay kilalanin bilang Ginoong Bulacan Kabataan 2018 sa katatapos na Ginoo at Binibining Bulacan 2018 na ginanap sa Bulacan Capitol Gymnasium, Lungsod ng Malolos;

SAPAGKAT, G. Danielle Anthony S. Barredo, dalawampu't isang taong gulang, tubong Barangay Lugam, Lungsod ng Malolos ay ang kumatawan sa ating Lungsod sa nabanggit na kompetisyon;

SAPAGKAT, si G. Barredo ay isang mag-aaral ng Bulacan State University na kumukuha ng kursong *Bachelor of Science in Tourism Management;*

SAPAGKAT, si G. Barredo ay naagkamit din ng *Best in Swimwear Award* sa nabanggit na patimpalak at siya rin ay kinilala bilang Hari ng Look 1$^{st}$ 2018 sa kaniyang kinabibilangang barangay;

SAPAGKAT, sa kaniyang taglay na husay, talino, kakisigan at pagmamahal sa ating Lungsod ay nagsilbing daan upang siya ay magwagi at mangibabaw sa kaniyang mga katunggali;

SAPAGKAT, isa sa layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ang pagtataguyod, pagtulong sa ikauunlad at paghihikayat na umasa sa sariling siyentipiko at teknolohikal na kakayanan ang bawat mamamayan, kaya't nararapat lang na bigyan ng pagkilala ang katangi-tanging husay, dedikasyon at kontribusyon na kaniyang ibinahagi;

Kung kaya't sa mungkahi ni Kgg. Enrico C. Capule na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASYA, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na ipinapahayag ang taos-pusong pagbati at pagkilala ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod, Kgg. Gilbert T. Gatchalian at ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod, Abgdo. Christian D. Natividad kay G. Danielle Anthony S. Barredo para sa karangalang kaniyang nakamit nang siya ay kilalanin bilang Ginoong Bulacan Kabataan 2018 sa katatapos na Ginoo at Binibining Bulacan 2018.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NOEL G. PINEDA**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. ALMA A. GATCHALIAN**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. YOLANDA B. AZADA**
KASANGGUNI

**KGG. BERNARDO B. OPLE, JR.**
KASANGGUNI

**KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer III**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
**wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod

*DhorieTrogo(SDC2)*021419